



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Toll-Free (800) 776-5746*

Napapanahong Pag-access sa Medikal na Pangangalaga

Mayo 2016, Pub. #5556.08

Sinasabi ng batas ng California na ang mga plan ng pinapangasiwaang pangangalaga ay dapat siguraduhin na makatatanggap ka ng access sa healthcare sa isang napapanahong paraan.¹ Ang sumusunod ay ang mga takdang panahon sa pagtanggap ng pangangalaga:

Mga uri ng appointment at mga takdang panahon

- Hindi madaliang appointment sa doktor ng iyong primary care sa loob nang 10 araw na may pasok ng iyong kahilingan.*
- Hindi madaliang appointment sa isang espesyalista sa loob nang 15 araw na may pasok ng iyong kahilingan.*
- Mga hindi madaliang appointment para sa mga pantulong na serbisyo (mga x-ray atbp..) para masuri o gumamot ng pinsala, karamdaman o iba pang kundisyong pangkalusugan sa loob nang 15 araw na may pasok ng iyong kahilingan.*
- Hindi madaliang appointment sa isang provider na hindi manggagamot ng kalusugan hinggil sa pag-iisip sa loob nang 10 araw na may pasok ng iyong kahilingan.*

¹ California Health and Safety Code, Section 1367.03. Title 28 California Code of Regulations, Section 1300.67.2.2. Kasama rin sa mga regulasyon ang mga oras ng paghihintay para sa pangangalaga sa paningin, hinggil sa ngipin at iba pang pangangalaga. Tingnan din ang <http://wps0.dmhc.ca.gov/regulations/docs/13CCRP.pdf>.

- Madaliang appointment na hindi kinakailangan ng paunang pag-aproba sa loob nang 48 oras ng iyong kahilingan.
- Madaliang appointment na kinakailangan ng paunang pag-aproba sa loob nang 96 na oras ng iyong kahilingan.

Mga oras ng Paghihintay sa Telepono

Ang pag-access sa telepono ay 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, para makipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan para matiyak kung gaanong kailangang-kailangan ang iyong mga medikal na pangangailangan. Ang oras ng paghihintay ay hindi maaaring maging higit sa 30 minuto.

Pagtawag sa customer service sa panahon ng mga karaniwang oras na may pasok. Ang oras ng paghihintay ay hindi maaaring maging higit sa 10 minuto.

Mga eksepsyon

*Pangangalagang pangontra at pana-panahong follow-up ng pangangalaga.

*Ang oras ng paghihintay sa appointment ay maaaring pahabain kung matitiyak ng iyong health care provider na hindi magiging nakapipinsala sa iyong kalusugan ang mas mahabang paghihintay.

Maaari kang alukin ng doktor ng appointment sa isang doktor ng primary care, nurse practitioner, o katulong ng manggagamot sa loob nang pareho o susunod na araw mula sa panahong humiling ka ng appointment. Tinatawag itong “advanced access.” Kung hindi mo gusto ang appointment na ito, ise-set ang iyong appointment sa mas huling petsa.

Paano kung walang sapat na mga provider sa iyong lugar?

Sinasabi ng batas na kung hindi ka makakukuha ng napapanahong appointment sa iyong lugar dahil walang sapat na mga provider, kung gayon dapat kang tulungan ng iyong health plan na makakuha ng appointment sa tamang uri ng provider.

Ano ang maaari mong gawin kung hindi ka makakukuha ng napapanahong pag-access:

1. Magreklamo sa iyong health plan.
2. Maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa Help Line sa Department of Managed Care toll free sa (888) 466-2219, TDD: (877) 688-9891 o <http://www.dmhc.ca.gov/fileacomplaint.aspx#.Vvlk6tlrKUK>
3. Kontakin ang Disability Rights California toll free sa (800) 776-5746, TTY (800) 719-5798 o <http://www.disabilityrightsca.org>

[Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin!](https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wD/PzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1)

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wD/PzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.